



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Protektahan ang iyong tahanan

Seguridad ng Tahanan

Ang tahanan ay isang lugar kung saan ikaw at ang iyong pamilya ay maaaring magtamasa ng kaligtasan at seguridad.

Ang mga kriminal ay kadalasang mga oportunistang at pinapakay ang mga tahananang may mahinang seguridad upang nakawin ang mga ari-arian.

Maaari mong gawing ligtas ang iyong tahanan sa pamamagitan ng ilang simpleng hakbang na magpapababa nang malaki sa panganib na maging target ng mga magnanakaw ang iyong tahanan.

Narito ang ilang simpleng hakbang na maaaring gawin nating lahat upang maprotektahan ang ating tahanan.

Gawing ligtas ang iyong tahanan

- Magpasadya ng de-kalidad at ligtas na mga pinto, bintana, kandado, alarma, mga ilaw at senyas ng babala.
- Gawing ligtas ang lahat ng bintana at pintuan.
- I-activate ang iyong alarma, mga detektor ng usok at mga ilaw na pangseguridad.
- Ikandado ang inyong mga gate, kubol at garahe.

I-tsek ang iyong tahanan

- Tiyaking malinaw na nakikita ang iyong numero ng tahanan.
- Panatilihin nagupitan ang mga puno at halaman upang maliwanag na matatanaw ang paligid ng iyong tahanan.
- Ikandado ang mga bagay gaya ng mga hagdan, kasangkapan at kagamitan sa paghahalaman.
- Huwag mag-iwan ng ekstrang mga susi sa labas ng bahay.
- Huwag mag-iwan ng mahahalagang bagay, mga aparatong mobile o mga susi (sa bahay o sasakyan) na lantad sa lahat.
- Markahan ang mahalagang ari-arian at irekord ang mga detalye.

Kapag malayo sa bahay

- Gumamit ng isang timer para i-activate ang panloob na ilaw o radyo upang magbigay ng impresyong may tao sa bahay.
- Makiusap sa kaanak, isang pinagkakatiwalaang kaibigan o kapitbahay na manmanan ang inyong tahanan. Ipaalam sa kanila ang iyong mga planong paglalakbay, pagparada ng sasakyan sa driveway, pagkolekta ng mga basurahan at sulat.
- Pag-isipan ang pag-redirect ng iyong mga sulat, mga diyaryo at mga hatid (deliveries).
- Huwag kailanman ipatalastas sa mga site ng social media ang iyong mga paglalakbay.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagprotektahan ng iyong tahanan, pakitingnan ang aming [polyeto ng Ligtas na Tahanan](#) sa aming [pahina ng Pagpigil sa Krime](#).

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen
bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au**



Justice



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.